Patron: Her Majesty the Queen
Registered Charity No. 209133
Founded 1846

A Company Limited by Guarantee
Registered in London
No. 378765

Seamen's Christian Friend Society

Incorporating the Merchant Navy Christian Fellowship

Pastor David Thomson,
99 Donaldswood Park,
Paisley,
PA2 8RT,
U.K.

Tel: +44 (0)141 884 2798
Mobile:+44 (0) 7971 677 241
E-Mail: david.thomson@scfs.org
www.scfs.org

2008

PASTOR'S LETTER

Mahal kong Kaibigan,
Sumusulat ako sa iyo bilang Pastor ng SCFS Christian Fellowship at nais kong malaman mong kasama ka at ang iyong pamilya sa aking mga dalangin. Kahit nasa bakasyon ka o nasa karagatan, hindi ka nalilimutan.

Ang kuwento tungkol sa Alibughang Anak (Prodigal Son) ay isa sa mga pinakakilalang kuwento sa Bibliya, subalit hindi ito sapat na naiintindihan. Basahin ang **Lukas 15:1-31**. Sa **bersikulo 11**, ang kuwentong ito, ayon kay Jesus, ay tungkol sa dalawang anak at ang sirang relasyon nila sa kanilang ama na kumakatawan sa Diyos.

Lukas 15:11-31 ~ Nawawalang mga anak

1) Dalawang paraan upang mapalapit sa Diyos ~ subalit kapwa mali.
2) Dalawang paraan na mawala ~ mapalayo sa Diyos.
3) Nag-iisang daan pauwi.

1) Dalawang paraan upang mapalapit sa Diyos ~ subalit kapwa mali.

Ang dalawang anak ay kumakatawan sa dalawang grupo na nakikinig kay Jesus. **Lukas 15:1** Sa isang grupo, ang mga maniningil ng buwis at makasalanan, at sa kabila, ang mga Fariseo at mga nagtuturo ng relihiyon. Karaniwan pa rin sa mundo ang magkaibang paraan na ginagamit ng dalawang grupong ito upang mapalapit sa Diyos, ngunit itinuro ni Jesus na pareho itong mali. Maaaring mas halatang makasalanan ang bunso, dahil kahit buhay pa ang ama, hiningi na niya ang kanyang pamana at winaldas ito nang, sa **bersikulo 13** "…**naglakbay sa isang malayong lupain; at doo'y inaksaya ang kaniyang kabuhayan sa palunging pamumuhay."** Kagaya ng anak sa kuwentong ito, ginagamit ng ilang mandaragat ang pagkakataon sa dagat upang gumawa ng mga bagay na ayaw nilang ipakita pag-uwi nila. At gaya din ng anak na ito, sa huli ay makikita nilang ang ganitong pamumuhay ay makakasira lamang sa kanila at sa kanilang pamilya.

Ihambing natin ang dalawang anak / grupo:-

1) Ang bunso ay kumakatawan sa grupo na nagsasabing: "Buhay ko ito, gagawin ko ang gusto ko, nais kong magsaya." Idaragdag ng ilang mandaragat, "Ganito ang buhay ng marinero." At gaya ng bunso na gustong lumayo sa ama at sa kapatid, ang grupong ito ay ayaw makinig sa mga pangaral ng Bibliya. Sa paningin nila, ang panganay na kapatid at ang mga Fariseo ay mga taong mapagkunwari at walang pagmamahal. Isip din nila na dahil hindi sila mabagsik at hindi nagnanakaw (hindi kasing-sama ng iba), sapat na ito para sa Diyos. Subalit alam natin na mas mataas dito ang batayan ng Diyos.

2) Ang panganay ay kumakatawan sa grupo na sumisikap sumunod sa tradisyon ng isang relihiyosong pamumuhay. Sa isip nila, nalalamangan nila ang unang grupo. Kagaya ng mga Fariseo, ang mga prinsipyong sinusunod ng grupong ito para sa sarili ay napakatindi, subalit hindi nila masunod ang mga mahalagang bagay sa Sampung Utos ng Diyos. Sa paniwala nila, higit na tatanggapin sila ng Diyos kung susundin nila hindi lamang ang sampung ito kundi iba pa. Sa **Mateo 23:1-36,** sabi ni Jesus tungkol sa mga relihiyosong lider, "***Kayong mga tagaakay na bulag na inyong sinasala ang lamok, at nilulunok ninyo ang kamelyo!"*** **bersikulo 24.** Gaya ng panganay, ang grupong ito ay mahina at walang tatag; hindi nila masunod ang kanilang sariling prinsipyo, subalit kinagagalakang mamintas ng kabilang grupo, katulad ng pagpintas ng kuya sa kapatid **bersikulo 30**. Madalas, ang isang taong sumisigaw at nagagalit sa mga maling ginagawa ng iba ay may tinatagong kasalanang higit na mabigat. Malinaw na hindi tutungo sa Diyos ang paraang ito.

2) Dalawang paraan na mawala ~ mapalayo sa Diyos.

Kahit magkaiba ang dalawang magkapatid, may mga kaugalian silang magkatulad. Pareho silang makasarili at galit. Disidido ang bunso na kunin ang kanyang pamana at sumuway sa ama. **Sa bersikulo 28-30**, sa galit ng panganay sa ama, ayaw niyang makisalo sa handaan para sa kapatid na bumalik. Maaaring sumang-ayon ka sa panganay: bagamat winaldas ng bunso ang kanyang pamana sa pambababae, tila binigyan pa siya ng ama ng gantimpala pagbalik niya. Gaya ng panganay, ginagawa mo ang lahat laban sa pagsasala at sa isip mo, dapat lang gantimpalaan ka ng Diyos ng mabuting buhay at tanggapin sa langit. Ang ganitong tao ay nag-aakalang siya ang sariling tagapagligtas at panginoon ng kanyang buhay. Sasabihin niyang naniniwala siyang ligtas siya sa awa o grasya lamang ng Diyos, ngunit sa katunayan ang akala niya ay karapatan niya ito dahil sa kanyang pagsisikap na manatiling mabait. ***Mateo 7:21-23***

"Hindi ang bawa't nagsasabi sa akin, Panginoon, Panginoon, ay papasok sa kaharian ng langit…" Naglingkod ang panganay hindi para sa katuwaan ng ama, kundi para sa makukuha niya sa ama. ***Lukas 15:29 Datapuwa't siya'y sumagot at sinabi sa kaniyang ama, Narito, maraming taon nang kita'y pinaglilingkuran, at kailan ma'y hindi ako sumuway sa iyong utos; at gayon ma'y hindi mo ako binigyan kailan man ng isang maliit na kambing, upang ipakipagkatuwa ko sa aking mga kaibigan."*** Lahad dito ang kanyang likas na makasalanan. Kung ang kaligtasan natin ay batay sa pagsilbi sa Diyos at sa tuwid na pamumuhay, walang makakaiwas sa kaparusahan ng pagsasala. ***Mga Taga-Roma 3:23-24 "Sapagka't ang lahat ay nangagkasala nga, at hindi nangakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos; Palibhasa'y inaring-ganap na walang bayad ng kaniyang biyaya sa pamamagitan ng pagtubos na nasa kay Cristo Jesus."*** Sa katotohanan, ayon sa Bibliya, naligtas tayo sa grasya ng Diyos. Ito ay biyaya ng Diyos, walang bayad at wala nang kailangang dagdag pa galing sa atin. Kaloob ito ng Diyos, ***1 Taga-Corinto 6:19-20 "O hindi baga ninyo nalalaman na ang inyong katawan ay templo ng Espiritu Santo na nasa inyo, na tinanggap ninyo sa Diyos? At hindi kayo sa inyong sarili; Sapagka't kayo'y binili sa halaga…"*** Anuman ang maaaring hingin ng Diyos sa kanyang mga anak, dapat lamang na lubos tayong magtiwala sa Kanya, kahit daanan pa natin ang pagdurusa gaya ng mga disipulo. Ang tinatawag ko na 'espiritung patay ng panganay' ay malimit nating makita sa mga relihiyosong tao. Gumagawa sila ng kabutihan upang sila at ang kanilang pamilya ay mabigyan ng Diyos ng maayos na buhay. Ang mga taong handang magbunyag ng mga mabuting gawain subalit hindi makatanggap ng puna at hindi makapagpatawad ay hindi nakakatiyak sa pagmamahal ng Diyos sa kanila. Ang mga dasal nila ay malamig at hindi matalik.

Gusto lamang ng dalawang anak ang kayamanan ng ama nila, hindi ang kanyang pamamahala.

3) Nag-iisang daan pauwi.

Ang Diyos, na kinakatawan ng ama sa kuwentong ito, ay sumalubong sa bunso **bersikulo 20** bago ito nagsalita. At sa **bersikulo 28** nakiusap ang ama sa panganay na makisalo ito sa handaan. Lagi nating tandaan ang ***1 Juan 4:19 "Tayo'y nagsisiibig, sapagka't siya'y unang umibig sa atin."*** Nangungunang lumapit ang Diyos sa atin, bago tayo makatugon. Ang bunso ay **MAGPAKUMBABANG NAGSISI. Bersikulo 21 "*Ama, nagkasala ako laban sa langit, at sa iyong paningin: hindi na ako karapatdapat na tawaging anak mo."*** Ganitong pagpapasakop ang hinahanap ng Diyos at wala nang iba pa, sa dahilang nabayaran na ni Kristo ang kaparusahang nararapat sa ating mga pagsasala. Kailangan lamang natin itong tanggapin; kung iniisip natin na mayroon pa tayong dapat idagdag upang tayo's maligtas, hindi tayo sapat na nananalig kay Kristo. Ang 'masamang' bunso ay nagsisi at pinatawad ng ama, habang ang panganay na nanatili sa bahay at nagmalaki sa kanyang paglingkod ay nagalit at ayaw tumanggap sa pa-anyaya ng ama. Maraming taong nagsisikap na mamuhay ng tuwid ay hindi nakakaintindi na kailangan nilang magsisi sa mali nilang layunin sa paggawa ng mabuti. Makasariling katuwiran ang pag-iisip na dahil gumagawa ka ng mabuti, may 'utang' ang Diyos sa iyo. Nais lamang ng Diyos na mahalin mo Siya dahil sa ginawa ni Kristo – ang kamatayan sa kurus. **Manalangin ka** at humingi kay Kristo ng patawad, at tanggapin ang kanyang kabutihan. Pag natapos na ng mandaragat ang kanyang sampung buwan na kontrata at sasalubong sa airport ang kanyang asawa at mga anak, ano ang pakiramdam niya kung nais lang malaman ng pamilya kung ano ang pasalubong niya para sa kanila? Iisipin niyang hindi siya minamahal; ganito ang damdamin ng Diyos kung gustuhin lamang natin ang biyayang galing sa Kanya, hindi Siya. Pagsakay sa barko, hindi mo puwedeng iwan ang isa mong paa sa lupa at ang isa lamang ang isakay. Nagsilbi lamang ang panganay sa ama upang makuha niya ang kayamanan. Huwag isipin na dahil sa mababuti mong gawain, hindi ka kailangang magsisi gaya ng iba. Tanggapin mo ang kapangyarihan ng Panginoong Jesus at magsikap pag-aralan sa Bibliya kung paano ka niya mabibigyan ng lakas at 'ligaya' na magsilbi sa kanya, nasa dagat ka man o sa bahay, sa luwalhati lamang ng Diyos. Sa **bersikulo 17**, noong malayo siya sa bahay nang **natauhan** ang bunso. Nananalangin akong magpapalakas ng iyong loob ang araling ito upang gamitin mo ang panahon sa dagat sa pag-unawa kung paano mo lalapitan ang Diyos batay sa pangaral ng Bibliya, at hindi sa tradisyon.

Sa huling pagpupulong ng SCFS, narinig namin sa ilang katrabaho na natutuwa ang maraming mandaragat na napapag-aralan nila ang Bibliya sa pamamagitan ng mga araling gaya ng "**Ang Tulay**" na nagpapaliwanag na sa pananampalataya lamang kay Kristo natin matatawid ang hadlang na patungo sa Diyos gawa ng kasalanan. Sa ilang barko, may mga grupo ng kahit dalawa o tatlo na nagtitipon upang pag-aralan ang Bibliya. Ang ilang matatag na pagtitipon ay naging 'Simbahan sa Dagat'; ito ang pamagat ng isang aklat na sinulat ni **Martin Otto**, SCFS, Hamburg. Dahil bihirang makasimba kung nasa dagat, bakit nga ba hindi 'magtayo' ang mga mandaragat na tunay ang pananalig ng sarili nilang 'simbahan' sa barko? **"Ang Tanging Tulay",** isang araling sinulat ni **Volker Lamaack**, SCFS, Hamburg ay makakatulong sa pag-aaral ng isang grupo.

Salamat sa pagbasa mo sa sulat kong ito; nais kong sagutin mo ako sa Tagalog o Ingles. Sabihin kung naunawaan mo ang araling ito, humingi ng iba pang aralin o panalangin, o kahit sabihin lamang na natanggap mo ang sulat na ito. Pakidagdag ang pangalan ng barko mo at kung saan-saan nagdadako. May mga kaibigan akong maaaring dumalaw sa iyo. Puwede ring sumulat o mag- email ang mga asawa ng mandaragat sa akin o sa asawa kong si Isobel.

Nananalangin akong walang panganib ang buhay mo sa dagat, at pati ang iyong pamilya sa bahay. Tandaang padalhan ako ng postcard kahit minsan sa isang taon; puwede rin ang email. Nananatiling sa iyo kay Kristo,

Pastor David & Isobel Thomson